


Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikaapat na Markahan – Modyul 6:
Kagamitang Materyal,
Ating Pagmalasakitan



Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikaapat na Baitang

Alternative Delivery Mode

Ikaapat na Markahan – Modyul 6: Materyal na Kagamitan, Ating Pagmalasakitan Unang Edisyon, 2019

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul		
Mga Manunulat:	Josephine Bruselas-Mien Lea B. Perez	Agnes Dejuras-Nocos Jessica Abanto-Pura
Tagasuri:	Mary Jean B. Brizuela Dollie G. Franche	Sheila C. Bulawan Irene F. Yazon
Tagaguhit:	Jed T. Adra	
Tagalapat:	Jeffrey B. Sape Vergel Junior C. Eusebio	John Claude R. Caunca
Tagapamahala:	Gilbert T. Sadsad Grace U. Rabelas Jily I. Rocas	Francisco B. Bulalacao, Lailanie R. Lorico, Merlita B. Camu

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region V

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500

Contact: 0917-178-1288

E-mail Address: region5@deped.gov.ph

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikaapat na Markahan – Modyul 6:
Kagamitang Materyal,
Ating Pagmalasakitan**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Lahat ng kagamitan sa bahay tulad ng upuan, mesa, *electric fan*, *refrigerator*, at iba pa ay gawa ng tao. Subalit ito ay nagmula sa likas na yaman na biyayang ipinagkaloob ng Diyos. Dahil dito, nararapat na ang mga tao ay marunong magpahalaga sa kalikasan sa pagiging responsable sa paggamit ng mga ito. Bilang isang batang Pilipino, paano mo kaya pangangalagaan at gagamitin ang mga materyal na nagmumula sa likas na yaman?

Sa pagtatapos ng modyul na ito ikaw ay inaasahang napahahalagahan ang lahat ng mga likha: materyal na kagamitan -pangangalaga sa mga materyal na kagamitang likas o gawa ng tao



Subukin

Panuto: Isulat sa sagutang papel ang titik **T** kung tama ang ipinapahayag ng pangungusap at titik **M** naman kung mali.


- ___ 1. Itapon na ang aparador na kupas na ang pintura.
- ___ 2. Ayusin ang nasirang mesa at upuan upang magamit pa ang mga ito.
- ___ 3. Sulatan ang mga upuang gawa sa kahoy.
- ___ 4. Punitin ang pahina ng *notebook* sa kaunting pagkakamali lamang.
- ___ 5. Punasan ang mga muwebles sa loob ng bahay para matanggal ang alikabok.
- ___ 6. Ingatan ang mga kagamitang nasa loob ng silid-aralan.
- ___ 7. Sa kalikasan nagmula ang mga kagamitang ginagamit sa paaralan tulad ng papel, lapis, at kuwaderno.
- ___ 8. Huwag sayangin ang mga papel, *i-recycle* ang mga ito para maiwasan ang pagdami ng basura.
- ___ 9. Putulin ang mga punong hindi namumunga, gumawa ng *cabinet* o upuan mula dito.
- ___ 10. Pahalagahan ang kalikasan na ipinagkaloob ng Diyos dahil dito nagmumula ang mga kagamitang materyal.

Aralin**1****Materyal na Kagamitan,
Ating Pagmalasakitan**

Kilala ang mga Pilipino sa pagiging masipag at malikhain. Bilang tao na pinagkalooban ng talino ay nakaiisip at nakagagawa tayo ng mga hakbang upang mabuhay at maging produktibo. Sagana ang ating bansa sa likas na yaman. Ang mga ito ang nagtutustos sa pangangailangan ng mga tao. Marami ang maaaring magawa buhat sa mga likas na yamang ito. Iba't ibang mga bagay na maaaring gamitin sa pang araw-araw.

Matututunan mo sa araling ito ang mga kagamitang likas o kagamitang gawa ng tao na pinakikinabangan nating lahat. Mapapag-aralan mo rin ang tamang pag-iingat sa paggamit ng mga kagamitan na mayroon sa iyong tahanan, paaralan, at pamayanan. Mababatid mo rin ang wasto at responsableng paggamit ng mga materyales. Ito ay magagamit mo ng pangmatagalan na maaari mo pang ipamana sa mga susunod na henerasyon.

Teka muna! Bago mo tuluyang tuklasin ang araling ito, iyong balikan ang natutunan mo sa nakaraang aralin.



Balikan



Panuto: Lagyan ng **tsek** (✓) kung tama ang kaugalian sa pangangalaga ng halaman at **ekis** (X) kung mali. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

- _____ 1. Bunutin ang damo sa paligid ng halaman.
- _____ 2. Magtanim ng mga halamang ornamental sa harap ng bahay.
- _____ 3. Tambakan ng basura ang paligid ng halaman.
- _____ 4. Putulin ang mga punongkahoy at gawing uling.
- _____ 5. Diligin ang maliliit na halaman upang maging malusog.




Tuklasin

Pag-aralan ang mga larawan.



Ano ang maaaring mabuo na kagamitang materyal mula sa mga likas na kagamitan. Punan ang tsart sa ibaba. Hanapin ang tamang sagot sa pagpipilian. Gawin ito sa iyong sagutang papel.


Halimbawa: bulaklak-*perfume* o pabango



upuan




bracelet



hollow block



singsing



jacket

Kagamitang Likas	Kagamitang Mabubuo
1. Buhangin	
2. Ginto	
3. Kahoy	
4. balat ng tupa	
5. perlas	




Suriin

Biyaya ng Diyos ang likas na yaman na makukuha natin mula sa kalikasan. Ang mga ito ang bumubuhay at tumutustos sa pangangailangan ng mga hayop at tao. Mula sa kalikasan ay nakagagawa ng iba't ibang kasangkapang materyal na ginagamit sa bahay, paaralan, o pamayanan. Ito ang mga likhang sining na nakikita, nahahawakan, at nakatutulong sa pamumuhay ng tao.

Tulad ng papel, nabuo ito mula sa kagamitang likas na kahoy o damo. Ang mga alahas o palamuti sa katawan ay mula sa ginto o perlas. Mula naman sa kalikasan ang mga materyales na ginamit sa pagbuo ng mga bahay, tulay, gusali, o paaralan. Ang mga

kagamitang materyal na ito ay kailangan din ng wastong paggamit at pag-iingat upang mapakinabangan nang pangmatagalan. Ugaliin ang tamang pagpapahalaga sa mga kagamitang ito.




Sagana tayo sa likas na yaman kung kaya't mahalagang pag-ingatan at alagaan din ang mga ito. Ang tamang pangangalaga at pangangasiwa sa kalikasan ay dapat nating isabuhay upang hindi ito maubos at masira. Laging pasalamatang ang Diyos sapagkat walang kagamitang materyal kung walang kalikasan na nilikha Niya para sa mga tao.



Pagyamanin

Gawain 1

A. Isulat sa sagutang papel ang titik ng larawan na nagpapakita ng tamang pangangalaga sa kagamitang likas o gawa ng tao.



D




E



Gawain 2

Ano-anong mga gamit ang matatagpuan sa bahay mo na mula sa likas na yaman o kalikasan? Isulat ang iyong mga sagot sa loob ng larawan ng bahay. Gawin ito sa sagutang papel.



Ano ang naidudulot ng mga kagamitang ito sa pang-araw-araw na buhay?

Gawain 3

Basahin ang sumusunod na mga pahayag. Kung ito ay iyong ginagawa kulayan ang bilog na nagpapahiwatig ng iyong sagot.



1. Maingat kong isinasara ang sisidlan ng aking mga damit, ang *cabinet* na yari sa Narra.



2. Pinupunasan ko ang mesa namin pagkatapos kumain.



3. Sinusulatan ko ang likod ng pintuan kapag walang nakatingin sa akin.



4. Inilalagay ko sa kahon ang mga laruang hindi ko na ginagamit.



5. Hinugusan ko ang mga lumang paso sa bahay.



Isaisip

Punan ng tamang salita ang Pangako ng Pangangalaga sa mga Kagamitang Gawa ng Tao. Hanapin sa mga pagpipilian ang angkop na salita sa bawat patlang.

lumikha	hihikayatin
magpapasalamat	nangangako
iingat	

Pangako ng Pangangalaga sa Kagamitang Gawa ng Tao

Ako si 1) _____ (ang iyong pangalan) , buong puso na
2) _____ sa patuloy na pangangalaga ng lahat ng mga
kagamitang materyal na ginawa ng tao mula sa likas na yaman.
3) _____ ko ang mga ito bilang pagmamahal sa Dakilang Ama
na 4) _____ sa lahat ng mga bagay; may buhay man o wala.
Lagi akong 5) _____ sa Diyos sa biyayang kaniyang
ipinagkaloob tulad ng likas na yaman na pinagkukunan ng
pagkain at mga materyal na bagay na may malaking naitutulong
sa mga tao. 6) _____ ko rin ang aking kapuwa na maging
maingat sa paggamit ng mga kagamitang nasa bahay, paaralan o
pamayanan.

7) _____

Lagda ng Mag-aaral



Isagawa

Ano ang iyong gagawin sa mga sumusunod na sitwasyon?

1. Napansin mong ang lumang *rocking chair* ng lola mo ay nasa likod ng bahay na ninyo. Mukhang luma na pero maayos pa at maaari pang gamitin.
2. Pagkatapos kumain ng pananghalian ay iniwan na lang ng mga kapatid mo ang pinagkainan sa mesa.
3. Nakita mo na tanggal na ang isang paang kahoy sa upuan ninyo sa kusina.
4. Napansin mong sinusulatan ng kaibigan mo ang *armrest* na inuupuan niya.
5. Pagkatapos kumain ni Krizzly ay isiniksik niya ang balat ng pinagkainan sa upuan.



Tayahin

A. Iguhit ang masayang mukha 😊 kung ang isinasaad ng pangungusap ay nagpapakita ng pangangalaga sa mga gamit o kagamitan at malungkot na mukha ☹️ naman kung hindi. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Dahan-dahang binubuksan ang lumang aparador sa tuwing may kailangan akong kunin dito.
2. Itinatago sa ligtas na lalagyan ang mga lumang kasangkapang hindi na ginagamit.
3. Itinapon sa basurahan ang mga lumang kagamitang hindi na maaaring *i-recycle*.
4. Kinumpuni ni Lito ang silyang naputol ang paa.
5. Hinikayat ni Ram ang kaniyang mga kamag-aral na gamiting muli ang likod ng mga papel at kuwaderno na wala pang sulat.

B. Basahin ang bawat aytem. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat ito sa iyong sagutang papel.

1. Alin sa sumusunod ang tama?

- A. Ang pagpuputol ng mga puno upang gawing tabla at kahoy na walang pahintulot sa pamahalaan ay maaaring isakatuparan.
- B. Ang pagbebenta ng mga kagamitan sa bahay kapag walang pera ay magandang kaugalian.
- C. Ang pagsusunog ng mga lumang kagamitang yari sa kahoy ay tamang paraan upang matugunan ang problema sa basura.
- D. Ang pangangalaga at pag-iingat sa mga kagamitang mula sa kalikasan ay nagpapakita ng pagmamahal sa Diyos.

2. Ang sumusunod ay nagpapakita ng tamang pangangalaga sa mga kagamitang gawa ng tao **maliban** sa isa.
- A. Pinapanatiling malinis ang paggamit ng pampublikong palikuran.
 - B. Pinupunasan ang mga palamuting nakadisplay sa loob ng bahay.
 - C. Ikinakalat ang balat ng prutas na kinain kapag naglalaro sa siso at duyan sa parke.
 - D. Maingat na binubuhat ang mga upuan at mesa na ililipat sa ibang bahagi ng bahay.
3. Bakasyon na ngunit mahilig magsulat si Amy ng mga kuwentong pambata. Alin sa sumusunod ang pinakatamang dapat gawin ni Amy?
- A. Magpabili ng bagong papel sa nanay.
 - B. Gawin ang pagsusulat kahit saan.
 - C. Gamitin ang lumang kuwaderno na maaari pang sulatan.
 - D. Kunin ang natitirang papel ng kapatid ng hindi nagpapaalam.
4. Habang naglalakad ka pauwi, nakita mong binabato ng mga bata ang bahay-kubo ni Mang Ramon. Ano ang maaari mong gawin sa nakita mo?
- A. Hahayaan ko sila sa kanilang ginagawa.
 - B. Isusumbong ko sila sa pulis at ipapahuli.
 - C. Makikiisa rin ako sa kanila para maging kaibigan ko sila.
 - D. Pagsasabihan ko sila na itigil ang pambabato ng hindi mapagalitan ng may-ari.

5. Ang kalikasan ay ipinagkaloob ng Diyos para sa lahat ng may buhay, dahil dito nakagagawa ng mga kagamitang mayroon tayo sa bahay, paaralan at pamayanan. Lahat ng mga ito ay may mahalagang naitutulong sa atin kaya dapat nating _____.

- A. itago
- B. hayaan
- C. ingatan
- D. pabayaan



Karagdagang Gawain

Punan ang nasa loob ng kahon.

Ginagawa ko dati na kailangan ko nang ihinto upang pahalagahan ang materyal na kagamitan:

Hindi ko ginagawa pero sisimulan kong gawin upang pahalagahan ang materyal na kagamitan:

Binabati kita dahil iyong natapos na ang huling modyul sa Ikaapat na Baitang. Hangad kong ipagpapatuloy mo ang pagpapahalaga at pangagalaga sa mga kagamitan sa inyong bahay, paaralan at pamayanan. Isabuhay lagi ang pagmamahal sa lahat ng nilikha ng Diyos.



Susi sa Pagwawasto

<p>10. T 9. M 8. T 7. T 6. T 5. T 4. M 3. M 2. T 1. M</p> <p>Subukin</p>	<p>1. ✓ 2. ✓ 3. × 4. ✓ 5. ✓</p> <p>Balikan</p>	<table border="1"> <tr> <td>Kagamitang Likas</td> <td>1. Buhangin 2. Ginto 3. Kahoy 4. balat ng tupa 5. perlas</td> </tr> <tr> <td>Kagamitang Mabuo</td> <td>hollow block singsing upuan jacket bracelet</td> </tr> </table> <p>Tuklasin</p>	Kagamitang Likas	1. Buhangin 2. Ginto 3. Kahoy 4. balat ng tupa 5. perlas	Kagamitang Mabuo	hollow block singsing upuan jacket bracelet
Kagamitang Likas	1. Buhangin 2. Ginto 3. Kahoy 4. balat ng tupa 5. perlas					
Kagamitang Mabuo	hollow block singsing upuan jacket bracelet					
<p>Pagyananin</p> <p>Gawain 1 A. (A) B (C) D (E)</p> <p>Gawain 2 Maaring magkakaiba-iba ang sagot ng mga mag-aaral.</p> <p>Gawain 3</p> <p>1. (✓) (x) 2. (✓) (x) 3. (✓) (x) 4. (✓) (x) 5. (✓) (x)</p>	<p>Isaisip</p> <p>1) (ang iyong pangalan) 2) nangangako 3) lingatan 4) Lumikha 5) magpapasalamat 6) Hihikayatín 7) (ang iyong lagda)</p>	<p>Isagawa</p> <p>1. Ippasok ko sa loob ng bahay ang upuan upang hindi na maalaman. Pagkasabihan ko sila na 2. Pagkasabihan ko sila na laging hugasan pagkatapos kumain. 3. Sisikapin kong maayos ang isang piraso ng kahoy na natanggal upang hindi madisgrasya ang aking kaklase. 4. Sasawayin ko siya at pagkasabihan na hindi tama ang kaniyang ginagawa. 5. Sasawayin ko siya at pagkasabihan na ilagay sa basurahan ang balat ng kaniyang pinagkainan.</p>				
<p>A. 1. (☹) B. 1. D 2. C 3. C 4. D 5. C</p> <p>Tayahin</p>	<p>Karagdagang Gawain</p> <p>Maaring magkakaiba-iba ang sagot ng mga mag-aaral.</p>					

Sanggunian

PressReader.com. (n.d.). *PressReader.com - Your favorite K to 12 grade 4 learner's material in Esp (q1-q4).* (2015, 7). Share and Discover Knowledge on SlideShare. <https://www.slideshare.net/lhoralight/k-to-12-grade-4-learners-material-in-esp-q1q4>

Pangangalaga Sa Kasangkapan. (n.d.). <https://nagpayongelemseppv.wordpress.com/industrial-arts-v/pangangalaga-sa-kasangkapan/>

Why it's important to take care of your belongings. (2018, December 18). *My Take On Life | UK Male Lifestyle Blog.* <https://mytakeonlife.co.uk/2018/12/18/why-its-important-to-take-care-of-your-belongings/>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph